# Ang nakikipag-ugnayan sa kaanak ay hindi ang gumaganti [lamang], bagkus ang [tunay na] nakikipag-ugnayan sa kaanak ay ang kapag pinutol ang ugnayang pangkaanak sa kanya ay nakikipag-ugnayan [pa rin] siya roon.

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ, malugod si Allah sa kanilang dalawa: "Ang nakikipag-ugnayan sa kaanak ay hindi ang gumaganti [lamang], bagkus ang [tunay na] nakikipag-ugnayan sa kaanak ay ang kapag pinutol ang ugnayang pangkaanak sa kanya ay nakikipag-ugnayan [pa rin] siya roon."
[Tumpak.] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy.]

Ang kahulugan ng sinabi niya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: "Ang nakikipag-ugnayan sa kaanak ay hindi ang gumaganti [lamang]," ay ganito: Ang taong lubos sa pakikipag-ugnayan sa kaanak at paggawa ng maganda sa mga kaanak ay hindi ang taong gumaganti [lamang] sa pagmamagandang-loob, bagkus ang lubos na nakikipag-ugnayan nang totohanan sa ugnayang pangkaanak ay ang taong kapag pinutol ang ugnayang pangkaanak sa kanya ay nakikipag-ugnayan [pa rin] siya roon, kahit pa man gumagawa sila ng masagwa sa kanya. Pagkatapos ay tinatapatan niya ang paggawa ng masama ng paggawa ng mabuti sa kanila. Ito ang nakikipag-ugnayan sa kaanak nang totohanan. Kaya tungkulin ng tao na magtiis at umasang gagantimpalaan sa pananakit ng mga kaanak niya, mga kapit-bahay niya, mga kasamahan niya, at iba pa, at mananatiling mayroon siyang tagatulong mula kay Allah laban sa kanila. Siya ang panalo at sila ang mga talunan. Ang pakikipag-ugnayan sa kaanak ay [maaaring] sa pamamagitan ng pagbigay ng pera, patulong sa pangangailangan, pag-alis ng kapinsalaan, kaaliwalasan ng mukha, at pagdalangin para sa kanila. Ang masaklaw na kahulugan ay ang pagpaparating ng anumang makakayang kabutihan at ang pagtutulak sa anumang makakayang kasamaan, ayon sa kakayahan. Binibigyang-diin ng Islam nang madalas ang pakikipag-ugnayan sa kaanak. Gayon pa man, hindi ibinibilang na bahagi ng pagputol sa ugnayang pangkaanak ang pagtigil sa pakikipag-ugnayan sa kaanak bilang pag-iwas na pangpag-iingat at panghadlang. Gaya ito ng isang nagtuturing na may kabutihan sa pagtigil sa pakikipag-ugnayan sa pag-asang manunumbalik ang kaanak niya sa katinuan at itigil ang mga paglabag sa Islam. Gaya rin ito ng isang nangangamba para sa sarili niya at mag-anak niya na kapag nakipag-ugnayan siya sa mga kaanak niya habang sila ay nasa mga paglabag sa Islam ay marahil mahahawa siya at ang sinumang nasa ilalim ng pangangalaga niya.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee